# "Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 (6th) Kaugnay sa Pagpapaikli ng Business Operating Hours" Implementation Outline

## 1.Outline

Ang Compliance Fund ay ibibigay sa mga business operators na sumusunod ng lubos sa kahilingan na paikliin ang business hours sa buong panahon na hinihiling ng prepektura, upang makontrol ang pagkalat ng COVID-19 na lumalawak araw-araw.

## 2.Proseso ng Aplikasyon

Ang aplikasyon para sa Compliance Fund (6th) ay para sa mga natugunan ang lahat ng criteria sa ibaba.

（１） Ang mga business operators ay dapat na nakipagtulungan sa mga sumusunod na kahilingan (kabilang din ang mga nag temporarily closed ng business para sa nasabing panahon).

**Mangyaring tandaan na maaaring may mga pagbabago tulad ng pagpapaikli ng panahon ng kahilingan at / o pagbabago sa halaga ng Compliance Fund na nabayaran kung may mga pagbabago sa Government's Basic Measures Guidelines sa panahon ng kahilingan.**

・**Target Area:** Gifu-shi, Ogaki-shi, Minokamo-shi, Kakamigahara-shi, Kani-shi, Mizuho-shi

・**Panahon ng Kahilingan:** 2021 Hunyo 21 (Lunes) hanggang 2021 Hulyo 4 (Linggo) (14 days sa kabuuan)

・**Target na Business:** Restawran at Inuman

※Restawran (kabilang ang Izakayas), mga cafes atbp. (hindi kasama ang delivery at take-out services atbp.)

Entertainment/Amusement facilities atbp.

※mga bar, karaoke box, atbp, na may business permit alinsunod sa Food Sanitation Law (hindi kasama ang mga pasilidad tulad ng internet at manga cafe).

・**Detalye ng Kahilingan**: Ang Business hours ay pinaikli mula 5:00AM hanggang 21:00 PM

at nagsisilbi lamang ng alak mula 11:00AM hanggang 20:00PM.

( 2 ) Ang mga business branch ay matatagpuan sa Gifu-shi, Ogaki-shi, Minokamo-shi, Kakamigahara-shi, Kani-shi, at Mizuho-shi.

( 3 ) Sa loob ng request period, may mga permit na kinakailangan sa pagpapatakbo sa uri ng negosyo.

( 4 ) Ganap na makipagtulungan sa Prepektura sa buong panahon ng kahilingan.

( 5 ) Ang target na pasilidad ay dapat na isang restawran, Entertainment/Amusement facilities atbp., na bukas mula 21:00PM hanggang 5:00AM.

※Ang kahilingan para sa pagpapaikli ng business hours noong 1st Wave (2020 Abril 18), ang mga tindahan na kusang nagpaikli ng business hours para sa layuning mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 ay karapat-dapat din. Nalalapat din ito sa mga target businesses na kusang-loob na tumatakbo sa maikling panahon upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

( 6 ) Ang aplikante ay may awtoridad na magpasya ng business hours, business operation atbp, ng target na business branch.

( 7 )Sa kaso ng mga kainan at inuman na may entertainment (tulad ng mga hostess o host clubs), karaoke, at live house, dapat nakagawa at nagsumite ng Infection Prevention Measures Manual na nakumpirma

( 8 )Walang mali o panlilinlang sa aplikasyon “Compliance Fund 1st ~ 5th upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19".

( 9 )Walang sinuman sa mga namamahala ng negosyo ay miyembro/ konektado sa criminal gang/ organization (*boryokudan*).

(10) Ang applicant ay hindi indibidwal o korporasyon na nago-operate ng business na na-identify ng gobernador bilang isang lugar kung saan ang cluster ng COVID-19 ay naganap sa panahon ng kahilingan (2021 Hunyo 21 hanggang 2021 Hulyo 4,) hanggang sa petsa kung kailan madesisyonan mabigyan ng compliance fund.

(11) Ang negosyo ay dapat na nakakuha ng isang "Sticker for Business Branches Implementing COVID-19 Measures" na mahigpit na sumunod sa mga alituntunin para sa bawat uri ng negosyo at "Behavior Guidelines for Living Through COVID-19 Society".

## 3.Halaga

*Depende sa sitwasyon ng impeksyon, ang bilang ng requested days at halaga ng bayad na ibibigay bawat araw ay maaaring magbago.

Mangyaring gamitin ang sumusunod na impormasyon bilang sanggunian hanggang sa ma-publish ang applicatinon acceptance guidelines.

○**Small at Medium scale Businesse**s (tukuyin ang pang-araw-araw na gastos ayon sa daily average sales ng nakaraang taon o bago ang nakaraang taon)

・Businesses na may daily average sales na ￥83,333 o mas mababa pa sa nakaraang taon o taon bago ang nakaraang taon : ￥25,000/araw

・Businesses na may daily average sales na ￥83,333～￥250,000 : ¥25,000～￥75,000/araw【(Sales bawat araw ng nakaraang taon o bago nung nakaraang taon)×0.3】

・Businesses na may daily average sales na ￥250,000/araw : ￥75,000/araw

○**Large scale Business** (Small/ medium businesses ay maaari din piliin ang kalkulasyon na ito)

・Halaga ng decrease sa daily average sales x 0.4 （hanggang ¥200,000 o daily sales ×0.3）

## 4.Panahon ng Pagtanggap ng Aplikasyon

Sisimulang tumanggap ng mga aplikasyon mula Hulyo 16 (Biyernes) 2021, hanggang Setyembre 15 (Miyerkules) 2021.

・ Mga aplikasyon na post-marked ng Setyembre 15, 2021 ay valid/balido

・ Mangyaring tandaan na hindi na maaaring tumanggap ng mga application na lumagpas na sa deadline.

## 5.Para sa mga Katanungan sa Compliance Fund (6th)

Gifu Prefecture Compliance Fund upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19
Consultation Counter (Call Center)

TEL : 058-272-8192 (9:00AM hanggang 17:00PM)

I-check ang homepage ng Gifu Prefecture para sa iba pang mga detalye (wikang Hapon lamang). https://www.pref.gifu.lg.jp/site/covid19/148847.html

https://www.pref.gifu.lg.jp/site/covid19/159930.html